# SINAG-TALA

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY

Ika-20 ng Oktubre, 1945 — 50 Sentimo



CARMEN ROSALES

PANG-ALIWAN ● PANSINING ● PAMPAARALAN

*The Management of the*

F-49706

## Jardin de Modas and Collegiate Beauty Parlor

OPENS THE

# COLLEGIATE SCHOOL OF FASHION AND HAIR SCIENCE

**AUTHORIZED BY THE GOVERNMENT**

*Hair Culture - 3 Months*
*Dress Making - 2 Months*

DON'T WASTE PRECIOUS TIME AND LOSE GOLDEN OPPORTUNITIES

***ENROLL AT ONCE AT***

**2280 Azcarraga, Manila**

## STOP READ SEE!

★ SRS MONTHLY • November (1945) Issue ★

# NOW OUT

***Read:***

- "RAMBERUTO V. AVERIANA" . . . . . . . . . *By Lamberto V. Avellana*
- "JEEPERS" . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . *By Jimmy Moreno*
- RADIO REMINISCENCES . . . . . . . . . . . . . . . . . *By Lina Flor*
- Plus Other Interesting Articles By Leading Local Writers

**SCREEN - RADIO - STAGE**

*in vivid* PICTURES & FEATURES

★

## *Watch for our special* CHRISTMAS NUMBER

***Featuring—***

- DESTINATION—HOLLYWOOD . . . . . . . . . . . . *By Rudy Robles*
- THE "LIBERATION" OF PHIL. MOVIES . . . . . *By Fidel de Castro*
- I COVER THE GI CAMPS . . . . . . . . . . . . . . . . . *By S. O. A.*

# SCREEN RADIO STAGE

MONTHLY

FEB. 1 1982

# Sa Ganang Amin...

*ANG sigla sa paglabas ng mga babasahin sa wikang pambansa ay mainam na palatandaan ng pagpapahalaga ng bayan sa ating wika. Ang pagpapahalagang iyan ay dapat nating pangalagaan.*

*Nasa ating pagsisikap ang ilalagi ng pagpapahalaga ng bayan. Alin sa dalawang bagay lamang ang maaaring nangyari: mawili at tuluyan nang mahilig sa pagbabasa ang bayan ó maitaboy nating muli sa pagwawalang-bahala at pagbabasa ng mga nasusulat sa ibang wika.*

*Nagiging maingat ba tayo sa pakikitungo sa mga mambabasa natin? Sa palagay namin ay hindi. Isa nang dahilan ang pagkakaiba-iba ng palatitikang sinusunod ng mga pahayagan at mga magasin. Mabuti pa noong bago magdigmaan. Ang mga patnugot ng iba't-ibang pahayagan ay nagkaroon ng isang tanging lupon na siyang nagtakda ng mga patakaran. Ngayon pa kaya tayo hindi maaaring magkasundo—ngayong nakikita natin ang kusang-loob na pagtangkilik ng mga mambabasa?*

*Sa ganang amin ay dapat sundin ang "Balarila ng Wikang Pambansa," yamang wala namang ibang gramatikang kinilala at kinikilala ang pamahalaan. Iyan ang sinusunod at pinagbabatayan sa mga paaralan. Hangga't walang ibang maipapalit sa "Balarila," ay iyan na muna ang susundin namin. At sa kabutihan ng lahat ay inaakala naming dapat sundin iyan kaysa magkanyakanyahan tayo.*

---

*Ang panukalang-batas na iniharap Kapulungang Pambansa na may-kinalaman sa pagpapalimbag ng isang panuntunan sa pagtuturo sa lahat ng paaralan, upang magkaroon ng kaisahan ng tunguhin ang mga guro, ay kapuripuri.*

*Gayundin naman, ang pagtutol ng Pansamantalang Kalihim Jose Reyes hinggil sa pagpapalimbag ng "lesson plan," ay kinakatigan namin. Kailangan ang pagkakaroon ng kaisahan sa ituturo. Nguni't ang pamamaraan ng pagtuturo ay dapat ipaubaya sa mga guro. Lalong mabisa ang pagtuturo kung nasusunod ng buong laya ang hilig ng nagtuturo. Kami'y kaisangkuro ng Kalihim Reyes sa palagay niyang hindi dapat mawalan ng pagsisikap at malasakit ang isang nagtuturo sa mga bagay na kanyang inililipat sa isip ng estudiyante.*

—CLODUALDO DEL MUNDO




# Sinag-tala

"Ang Babasahin ng Mag-anak"

***Inilalathala ng National Printing Co.***

**CLODUALDO DEL MUNDO** — *Patnugot*

**JOSE FERNANDEZ ZORRILLA** — *Tagapangasiwa*

**MAR. S. TORRES** — *Tagapamahalang Patnugot*

**CARLOS ACUÑA** — *Tagapamahala ng Anunsiyo*


## Pagninilay

**Ang Bukáng-liwaywáy:**
**Ngití ng Panahóng ang inihúhudyát,**
**Awá ng Maykapál;**
**Sa palad ng Api'y halík na matimyás**
**Ng pag-asang buháy;**
**Sa kandungang-iná'y isinanlang hiyás**
**Ng tapát magmahál -**
**Bukáng-liwaywáy ka, minúmutyáng Anák . . .**

**Ang Tanghaling-tapát:**
**Ang lagáy ng Araw sa dibdib ng langit,**
**Nakabiting kwintás;**
**Ang buntóng-hiningáng himutók ng Init,**
**Pang-akit bulaklák;**
**Diwang waláng takot sa dilang-panganib,**
**Kung naglálagabláb -**
**Ang Katanghalia'y buhay ko't pag-ibig . . .**

**At, ang Takíp-silim:**
**Inubang Maghapong ang nálabing gandá'y**
**Bakás ng damdamin;**
**Araw na namutláng nang lumálamlám na'y**
**Pina-panginorin;**
**Náhuling Liwanag na ligaya ko pang**
**Pano-panoorin -**
**Palubóg nang Ilaw ang lagáy mo, Amá . . .**

**ENRIQUE C. AGLEHAM**

## ANG TATLONG LAYUNIN NG SINAG-TALA

Una: *Tumulong sa pagbuo ng isang malakas na damdaming-bayan na cailangan sa kabuhayang pambansa.*

Ikalawa: *Itaguyod ang malinis at mabuting aliwang matatagpuan sa mga dulaan at mga babasahin.*

Ikatlo: *Makiisa sa mga guro sa ikagagaan ng pag-aaral ng kabataang Pilipino, lolo na hinggil sa wikang pambansa.*

*Ang SINAG-TALA ay inilalathala tuwing ika-10, 20 at 30 ng bawa't buwan ng National Printing Co. Tanggapan at pasulatan: 728 Lepanto, Maynila. Halaga ng isang sipi, 50 sentimo. Ang mga padalang panlathala ay hindi maibabalik kung walang taglay na sobreng may sapat na selyo. Ang muling paglilimbag ng mga nilalaman dito'y hindi magagawa maliban kung may tanging pahintulot. Nagharap na ng kahilingan upang maitala sa Koreo bilang pangalawang uri noong ika-8 ng Oktubre, 1945, sa tanggapan ng Koreo sa Maynila.*

# *Lungti na* ANG MGA DAMO

*Kuwento ni*

*BRIGIDO C. BATUNGBAKAL*

**Isang wagas na paglalarawan ng buhay ng mga karaniwang tao sa panahon ng digmaan at ng kapayapaan—lalo na sa labas ng lunsod.**

PAGBUNGAD ni Inggo sa bulaos ay natanaw na niya ang kanyang kubo, tila munting sipok ng yagit sa tugatog. Huminto si Inggo, at hinintay ang kanyang asawa, si Lilay.

"Bakit?" ang narinig niya kay Lilay. "Ano't ikaw'y huminto? Napapagod ka na ba?"

Sa halip na tugunin ni Inggo ang tanong ng kanyang asawa'y ngumiti lamang siya. Inulit ni Lilay ang pag-uusisa kung bakit nagtigil sa paglakad si Inggo.

"Malapit na tayo . . . hindi mo ba nakikita ang ating kubo? Hayun. . . Ku! kung hindi pa sumuko ang mga tinamaan ng lintik na mga magnanakaw ay di pa natin makikita ang ating tahanan."

"Oo," ang pabulong na tugon ni Lilay. Saka tinapunan ng isang mailap na tingin ang kubong tila isang munting sipok ng yagit sa tugatog. Nabuntong-hininga si Lilay, at nakaramdam ng mayuming kaba sa kanyang dibdib.

Nagunita tuloy ni Lilay ang mga unang taon ng kanilang pamumuhay sa kubong yaon, noon ay halos di pa naririnig ang pagdirigmaan ng mga bansa. Anong ligaya ng kanilang buhay noon; si Inggo'y nag-aahon ng mga gulay sa kabayanan at sa pagbabalik sa bundok ay uwi na ang lahat ng kanilang kailangan sa isang linggo. Ayaw sana niyang manalig kay Inggo na maidudulog nito sa kanya ang kaligayahan sa buhay nang ito'y nanunuyo pa. Hindi na niya malaman kung bakit nakaisang-palad niya si Inggo. Wala siyang natatandaan kundi nang minsan sila'y mag-ani sa kanilang kaingin ay katulong nila si Inggo . . .

Narinig niya ang sabi ni Inggo: "Lilay, ang buhay ko'y nasa iyong palad. Ikaw lamang ang siyang makahahatol sa kapalaran ko kung mamalagi sa kalungkutan ó kaligayahan. Ibig kong sabihin ay...

Hindi naipagpatuloy ni Inggo ang sasabihin pa sapagka't sa susulpot ang pinsang-buo ni Lilay, si Adyang. Kinalabit niya ang nagsasalitang si Inggo, at nang lingunin nito ang dakong inginuso niya'y nakitang dumarating si Adyang.

Akala nila'y magtutuloy sa kanilang kinaroroonan si Adyang nguni't tumigil ito sa dakong libis ng kanilang pinag-aanihan.

"Lilay," ang muli niyang narinig.

Napangiti siya. At saka naramdaman niyang hinawakan ang kanyang mga kamay... nagkatama ang kanilang mga paningin.

Halos walang sang-iglap ay nadama niya ang mariing halik ni Inggo. Ilang patak na luha ang nag-unahan sa kanyang mga mata nguni't ang di niya malimot ay ang matamis na ngiting sumungaw sa labi ni Inggo.

* * *

Hindi lamang si Inggo ang lumigaw sa kanya. Marami ang nahumaling sa kanya nguni't ang di niya malaman ay kung bakit si Inggo nga ang nakaisang-palad niya, kahit ang pagtutol ng kanyang mga magulang ay gayon na lamang.

Ang tanging nalalaman niya'y magaan ang kanyang dugo kay Inggo. At kahit na saan siya magtungo noon ay kung bakit naibabalita niya kay Inggo. Ibig niyang ang lahat ng bagay na may kinalaman sa kanyang buhay ay matalos ni Inggo, ibig niyang marinig kay Inggo ang pagsang-ayon kung nararapat siyang magtuloy o hindi saan man.

Nagunita niyang siya'y di man lamang pinagbabawalan ni Inggo sa mga dadaluhang pagtitipon, nguni't ang hinahanap niya'y hindi matagpuan kay Inggo. Ibig niyang pagbawalan siya ni Inggo tulad nang madalas niyang marinig sa ilang kaibigang dalaga, kung may ibig patunguhan ang kasintahan at ayaw ng kasuyong binata. Ang akala niya'y magkasintahan na sila ni Inggo, hindi niya nagunitang noo'y ibig marinig ni Inggo ang kanyang pagsang-ayon sa iniluluhog nito. Nguni't ang ipinagtataka rin ni Inggo'y kung bakit ang lahat nang dadaluhang kasayahan ni Lilay ay ipinagbibigay-alam sa kanya.

At kaya lamang nagkaroon ng maliwanag na tunguhin ang kanilang pagtitinginan ay nang halikan siya ni Inggo sa kanilang kaingin. Noon lamang nasabi ni Lilay na talagang sila'y nagkakagustuhan, at si Inggo man ay noon lamang nagkamalay na siya'y iniibig na ni Lilay.

* * *

"Baka masabi mo pa sa iba ang nangyaring ito, Inggo," ang sabi sa kanya ni Lilay. Ang ilang patak na luha at ang pagluhog ni Lilay ay naging sanglang di-maaaring manakaw kay Inggo mula noon.

"Lilay" . . . at hindi na nakapangusap si Inggo.

"Ano iyon?"

. . . "Lilay, ibig kong malagay tayo sa katahimikan sa lalong madaling panahon. Pumapayag ka ba?"

Walang naitugon si Lilay kay Inggo. At sa pananahimik ni Lilay ay parang natanaw ni Inggo ang magandang kinabukasan ng kanyang buhay, naiwangis niya ang kanyang kapalaran sa isang marikit na bukang-liwayway, na ang tanging silahis sa landas ng kanyang buhay ay pawang magandang pangako ng kaligayahan.

"Inggo," ang sabi ni Lilay. "Ako ay . . . "

"Ikaw'y ano?"

"Magsisimba ako bukas sa kabayanan."

Nabatid ni Inggo ang ibig sabihin ni Lilay.

"Oo, ako'y makikita mo sa kabayanan."

At mula noon ay nagkasukob na sila sa isang tahanan. Naging maligaya sila sa kanilang pagsasama, at walang panahong dinilim ng di pagkakaunawaan.

Ang kanilang pagsasama'y patuloy sana sa ganap na kaligayahan. Nguni't sumiklab ang digmaan. Sila ma'y nagulo rin sa kanilang pamumuhay.

Halos nalito ang pag-iisip ni Inggo sa kanyang nabalitaan sa kabayanan. Hindi niya ibig paniwalaan na ang digma ay makararating sa kanilang pook, at kaya lamang napaniwala ang sarili'y nang makita niyang magdaan sa

(*Buklatin sa pahina* 14)



Sa piling ni Lilay ay muling mahaharap ni Inggo ang kinabukasan.

NICDAOS AUTO SUPPLY
AND
REPAIR SHOP
*We receive all kinds of work:*
*General Overhauling, Body Builder,*
*Upholstery or Duco Painting*
349-A P. Campa Manila

FOR PROMPT, ACCURATE, DEPENDABLE AND GENUINE
Auto, Truck, Farm Tractor, Farm Implement, Thresher, Huller, and Stationary Engine SPARE PARTS
*Call on*
SERVICE PARTS SUPPLY
218 Lope de Vega, Manila
Service Engine Parts, Injection Pumps, Nozzles, Magnetos, Plungers and Barrels, Thresher cylinder teeth, Engelberg Huller parts.
RIGHT SPARE PARTS for your Units guaranteed by Staff of ex-PCC and ex-IHC men.
Reasonable Prices . . .
Efficient Service

# *Ang Aking* MGA KAIBIGANG KANO

*ni*

**ERIBERTO A. TABLAN**

MARAMI sila—ang mga kaibigan kong masayahin at palabiro nguni't hindi ko na babanggitin pa ang kanikanilang pangalan at bayang pinanggalingan sa Amerika, tulad ng ginawa ng yumaong si Ernie Pyle. Tutukuyin ko na lamang ang bawa't isa sa kanila sa taguring ginagamit ng lahat—si Joe.

Ang kaunaunahang naging kaibigan kong GI Joe ay aking nakilala sa isang paraang kungdi man masasabing kaiba ay maituturing namang pambihira.

Minsan, noong kapapasok pa lamang nila sa lunsod, ay inabot ako ng gabi sa lansangan. Umiiral pa noon ang "Curfew" kaya gayon na lamang ang aking takot na ako'y madampot ng mga M.P. Nang ako'y malapit na sa aming tahahanan ay bigla na lamang tumigil ang isang "jeep" at isang Kano ang nanaog at mabilis na lumapit sa akin.

"Saan ka galing? Ano ang pangalan mo? Saan ka nakatira? Mayroon ka bang pases?" Malakas at sunudsunod na usisa niya sa akin kaya hindi ako nakahuma sa laki ng aking sindak. Datapwa't bigla namang bumaba ang kanyang tinig at halos pabulong na nagtanong, "Mayroon ka bang whisky?"

Noon lamang ako nakahinga nang maluwag at sinabi kong mayroon. Sumama siya sa amin. Binuksan ko at ibinigay sa kanya ang isang botelya ng alak na na[illegible]hensiya ko sa mga naka-loot.

"Wow!" namumulang sigaw niya. "Anong klaseng alak ito?"

"Alak-hapon," sabi ko, sapagka't gayon ang nakalagay sa etiketa.

"Kaya pala," wika niya't ibinalik sa akin ang botelya. "Hindi katakatakang maging baliw ang mga diyablong Hapones na iyan."

Upang huwag siyang masiphayo ay nagpahanap ako sa aking maybahay ng diyenuwaing alak. At mula noon ay naging magkaibigan kami. Madalas siyang magtungo sa amin at marami siyang naikuwentong pawang karanasan niya sa digmaan. Marami-rami rin naman ang mga de-latang naibigay niya sa amin at marami-rami rin ang mga walang lamang botelya ng alak na naipon sa aming paminggalan. Talagang usapan na namin na siya'y aking kukumparihin nang bigla na lamang naputol ang pagtungo niya sa amin. Nawika namin na marahil ay naipadala siya nang madalian sa larangan kaya nagkagayon. Kung minsan naman ay naiisip ko na marahil ay may nakapagsabi sa kanya kung gaano kalaki ang kapinsalaang niyayapos ng isang nagiging kumpare dito sa atin kaya minabuti na niya ang umiwas. Ewan ko rin.

Isa namang Joe ang aking naging kaibigan at nakatalik sa loob lamang ng maikling panahon. Naghihintay ako noon ng isang trak na magdadala sa akin sa Wakwak na sana'y aking papasukan, nang sa aki'y lumapit ang isang Kano. May hawak siyang isang botelya ng alak.

"Alam mo," wika niya sa akin at napansin kong ang kaunting nababawas sa alak niyang hawak ay may bisa na sa kanya, "ang lahat ng tao ay aking kaibigan. Ikaw ay aking kaibigan kaya heto, uminom ka."

Tumanggi ako sapagka't talagang nangingilag ako sa bagay na iyon.

"Bakit, natatakot ka ba? Aprobado ito ng Provost Marshal."

At, ako'y pinilit na uminom kahit kaunti. Naisip ko tuloy na gumamit ng isang estratehiya.

"Nguni't naeksamen na ba iyan ng mga optiko?" Sabi ko.

"Ng mga optiko, at bakit?" Namangha siya.

"Mangyari'y may mga alak na masama sa mata," pakli ko sapagka't noo'y nabalitang marami ang nabulag dahil sa pag-inom ng alak. Nguni't nabigo ako sa pagasang siya'y matatawa sa aking latoy. Sandali siyang nag-isip at pagkatapos ay kinuha sa kanyang lukbutan ang kanyang salamin sa mata at kanyang isinuot. Humina tuloy ang aking loob dahil sa pagkabigo kaya ako na ang humingi ng alak. Matalik na matalik ang aming pagkakaibigan nang kami'y maghiwalay.

Huwag naman ninyong iisiping may sugapa na ang lahat ng aking mga kaibigang Kano. Ang gayong pag-aakala ay lisya sapagka't si Joe, ang kaibigan ng aking pamangkin at kaibigan na rin naming lahat ay naiiba. Wala siyang bisyo—hindi umiinom ng alak at hindi rin naninigarilyo. (—Ang bait, hane po?)



*"Victory Joe—one cigarette?"*

Nguni't tulad ng karamihan sa kanila, si Joe ay masayahin at palabiro. Gayon na lamang ang aming kasayahan kung siya'y nagtutungo sa amin, sapagka't hindi maalis sa kanya ang pagpapatawa. Naroong kunwari'y pinagtatahitahi niya ang kanyang mga daliri sa kamay at naroon ding magbilang siya ng katakut-takot na salapi na wala naman sa kanya. Kung minsan naman ay magkakakanta siya at isasayaw ang maliliit na bata sa amin. Datapwa't sapul

(*Buklatin sa pahina* 14)


# I HAVE RETURNED




**FRED M. HARDEN**

***Sole Importer***

**PLAZA LUNCH**

**Manila, Philippines**

# "HANGGANG PIYER" - *Palabas Na Pinanood Ng* **25,000** *Tao*

KUMITA ng humigit-kumulang sa ₱50,000 at pinanood ng di-kukulangin sa 25,000 katao sa loob ng mahigit na isang buwan. Iyon ang rekord ng dulang "Hanggang Piyer," ang lalong napabantog na palabas sa mga "stage shows" sa Maynila.

Ngayon ay bukambibig na ng lahat ang "Hanggang Piyer." Ito ang naging dahilan—at malimit na maging dahilan, ng pagbaba sa "jeep" ng maraming babaing Pilipina at pakikipag-away sa sinumang sumigaw ng "Hanggang Piyer. Lahat halos ng pahayagan, sa Tagalog at Ingles man ay ginamit ang hanay na iyan—"Hanggang Piyer,"—at malimit na dinaragdagan pa ng "lamang."

Ang unang binalak na pamagat nina Mariano (Pugo) Contreras at Domingo Principe ay "Hanggang Sa Pantalan. Sa mungkahi ng aming Patnugot (na kabilang din sa "staff" ng F. P. Productions), ay ginawang piyer ang pantalan, sa matuwid na mahirap unawain ang kahulugan ng pantalan. Sa simula'y "Hanggang Piyer" ang pinagkasunduan nguni't bago itinuloy ang palabas ay inalis na ang "sa."

Hindi pa nag-uumpisa ang palabas ay naging bukambibig na ang "Hanggang Piyer." Ito'y narinig muna sa bibig ng mga limpiya-bota, dinala sa mga palengke, at pagkatapos ay dinampot nga ng mga pahayagan. Hindi iilang pangulong tudling at mga pitak sa mga pahayagan ang tumukoy sa "Hanggang Piyer."

Ang pinagkakautangan ng kasaysayan ng "Hanggang Piyer" ay si Mariano (Pugo) Contreras. Siya din ang naging direktor ng tinurang palabas, katulong si Oscar del Rosario sa pag-aangkop ng mga bilang sa tugtugin. Nguni't ang mga biruan ay sariling-sarili nina Pugo at Togo.

Ang gumanap ng pang-unang papel na babae ay pinaghalinhan nina Zony Quison at Estrella Kuenzler. Si Coring man ay nagkasakit din sa labas na ito at kinailangang palitan ni Sari. Nguni't sina Pugo at Togo ay patuloy sa kanilang pagpapatawa—kahit na isang araw ay hindi gaanong naging mabisa ang pagpapatawa ni Togo (Andres Solomon) sapagka't yumao ang kanyang ama.

Kumalat ang pagiging "popular" ng "Hanggang Piyer" hanggang sa malalayong lalawigan. Nitong mga huling araw, sa pangalawang ulit ng paglalabas, ay trak-trak ang dumarayong mga taga-probinsiya, upang mapanood lamang ang tinurang palabas. Isang trak ng mga kawal Pilipino ang nagsadya sa dulaan, isang araw ng linggo, upang panoorin lamang ang mga kakulukutuyan nina Pugo at Togo.

Noong panahon ng Hapones ay kamuntik nang mautas sina Pugo at Togo—dahil sa kanilang pagbibiro. Ang biro nila sa mga Hapones ay may-kinalaman sa pagkagiliw ng mga Ponjap sa mga relo, at gayundin naman sa mga pagbabalita ng "Tribune" noong araw. Humigit-kumulang ay ganito ang ginawa nilang biro:

Pugo: "Alin ang pinakamalakas umutas sa buhay ng tao, malakas makapagpalubog ng bapor, at makapagpabagsak ng aeroplano?

Togo: "Masinggan.

Pugo: "Hindi."

Togo: "Kanyon .... Anti-air-craft..."

Pugo: "Hindi rin.

Togo: "Dinamita... torpedo...

Pugo: "Lalong hindi.

Togo: "Aber, e ano?

Pugo: "Ang TRIBUNE."



*SINA PUGO AT TOGO, ang mga bantog na mapagpatawa, ay kumikita ng ₱1,400 isang linggo. Mayroon silang mga minsanang labas na "extra" na binabayaran hanggang ₱500 isang araw. Ang "hit" nila sa dulaan ay ang "Hanggang Piyer."*

Mga sapatos na may taglay na uri ang aming katangian
**RUBEN FOOTWEAR**
Manggagawa * Mangkukumpuni *
Pakyawan at Tingian
354 Legarda Maynila 338 Raon

## PAG-IBIG AT PANATA

*(Karugtong ng nasa pah. 12)*

ngarap niyang maidulot kay Lita, tagumpay na mahalaga at matimbang sa kanyang puso.

Madaling araw na nang matapos ang kasayahan!

Ang mga huling panauhin ay mapayapang inihatid nina donya Luisa, Remy at Lita. Namagitan ang malugod na pagpapaalaman ng panauhin at ng may-bahay. Iyon na lamang ang mga huling butil upang mabuo ang kuwintas ng isang matagumpay na pagdiriwang. Huling nanaog ay si doktor Santos.

Nang muling magbalik ang katahimikan ay saka lamang sumagi sa ala-ala ni donya Luisa si mang Pedro.

"Nahan ang iyong ama?" panggigilalas na tanong kay Lita.

Si Lita'y hindi kaagad nakasagot. Natigilan siya at parang natulig sa tanong na iyon.

"Nasa labas yata, ah!" ani Remy.

Si Lita'y matuling lumabas upang tignan ang kanyang nalimutang ama. Sumunod din ang mag-ina kay Lita. Wala, wala doon si mang Pedro. Si Lita'y muling nagbalik at nagtungo sa may durungawan. Ang kanyang nakita sa lupa ay si doktor Santos na nakatayo sa harap ng kanyang kotse. Nguni't nang bumaling siyang muli sa bulwagan ay bigla siyang natigilan. Para siyang nahambal at nagdalang awa sa nakitang ayos ng kanyang ama.

Hindi kinukusa'y napasugod si Lita. Niyakap ang kanyang mang nakalungayngay sa pagkakaupo.

"Kaawaawang ama ko!" paiyak ni Lita.

Patakbong lumapit sina donya Luisa at Remedios upang alamin kung ano ang nangyari.

Samantalang sa lupa, si doktor Santos na sasakay na lamang sa kanyang kotse ay napatigil nang marinig ang tinig ni Lita. Tumingin siya sa durungawan. Nakita niya ang pagdungaw ni donya Luisa.

"Bakit po?" tanong ni doktor Santos, "Ano ang..."

"A, doktor Santos!" pahingal na sambitla ng donya, "Umakyat kayo, madaliii!"

*(ITUTULOY)*

SI CARMEN ROSALES (nasa aming pabalat) ay nagtapat na "tapos na ang tampuhan" nila ni Rogelio de la Rosa. Ang ibig niyang sabihin ay maaari silang lumabas na magkatambal sa pelikula. Ang totoo ay nasasabik ang madlang manonood na mapanood uli ang pareha sa 'Señorita," Lambingan" at "Tampuhan."



# Pagpapakasakit...

ni Rosalia A. Aguilar

* MAIKLING KUWENTO

*Bihirang pusong umiibig ang nahahandang magpakasakit ng tahasan, alang-alang sa iba.*

HINDI na sana dapat ungkatin ang lumipas na kahapon kung nais nating maghilom ang sugat na likha nito. Nguni't ang mga gunita ang nag-uudyok upang sumariwa sa ating alaala ang mga pasakit at himutok ng buhay. Ang pag-ibig nga naman! Masarap bigkasin—mahirap alalahanin.

Siyam na taon na ang lumipas nang kami ni Mercedes ay magkaibigan. Marahil, sa mga sandaling ito'y kanya nang nalimutan. Anupa't sa katagalan ng panahon, ang aking sapantaha ay maaaring hindi magkamali, sapagka't si Chedeng ay isang babaing mayumi, marikit, at mahinhin—mapagtimpi at mapagmahal. Samantala'y isang salawahan at mapagimbot naman ako.

Nasa ikatlong baytang kami sa "high school" nang magsimula ang aming pagkikilala. "Laboratory period" namin noon. Lumapit ako at nakiupo sa kanyang tabi. Tinitigan ko siya—nangingilid ang kanyang luha. Itinanong ko ang dahilan ng kanyang anyo. Ang kanyang sagot ay:

"Wala, nalulungkot lamang ako."

"Maaari kaya na ang isang tao ay manimdim ng walang sanhi," ang pakli ko. "Huwag kang mangamba. Magtapat ka at ako'y nahahandang dumamay sa iyo."

"Huwag na. Ipagwalang-bahala mo ang aking anyo sapagka't walang anuman ito. Ang pakikipagibigan ay tapos na sa akin. Napagtanto ko na ang kalooban ng isang lalaki—pawang balatkayo," ang dali-dali niyang tugon.

"Mercedes, huminahon ka. Ituring mong ako'y iba sa iyong mga kakilala. Ang aking kasiyahan ay nababalot ng isang maulap na kahapon. Kung kaya't ang aking ayos ay ganito—palaging masaya—sapagka't pinipilit kong malimutan ang lahat ng saklap upang harapin ang isang masayang hinaharap. Hala, ngumiti ka at magtapat ka sa akin, sige na..."

At si Mercedes ay nagtapat at aking naunawaan ang lahat.

Mula noon ay matalik na kaming magkaibigan. Walang sandali na hindi ko siya pinaghahanap at siya'y ganoon din. Anupa't ang aming kawiliwiling pagsasamahan ay kinainggitan ng marami. Isang hindi sukat akalaing pangyayari ang biglang umiral sa akin—ako'y nahumaling sa isa naming kamag-aral. Isang lalaking makisig at matalino—na hinahangaan ng halos lahat ng aming mga kasamahang babae. Ito'y walang iba kundi si Mario. Isang hapon, sa aking malabis na tuwa sa pag-uukol ni Mario ng pagmamahal sa akin, ay malugod kong ipinagtapat kay Mercedes ang pakikipagibigan ko sa kanya. Si Mercedes ay biglang nalumbay at ang kanyang sabi ay:

"Para mo ng awa, huwag mo nang ipagpatuloy. Sarilihin mo na ang iyong kaligayahan."

"Bakit naman. Hindi ba't ikaw ay aking kaibigan na dapat pagtapatan? Hindi ba't ikaw'y nangako sa akin na tayo'y magdadamayan sa anumang suliranin sa buhay—kalungkutan man ó kasayahan? Ang lahat ng aking pagtatapat ay hindi ko maaaring ipahiwatig sa mga kapatid ko kaya't ikaw ang minarapat kong pagsabihan. Hindi mo ba ako maaaring pagbigyan?"

Ang aking binigkas ay nagpalambot sa damdamin ni Mercedes. Kaya't mula noo'y walang tagpo namin ni Mario na hindi ko isinangguni kay Mercedes. At si Mercedes naman ay matiyagang-matiyaga sa pakikinig. Kung anuman ang kanyang damdamin sa mga sandaling yaon ay hindi ko ipinag-ukulan ng pansin. Wala akong ibang isinaloob kundi ang aming pagmamahalan ni Mario.

Nagdaan ang mga araw...

Nang kami'y nasa ikaapat na baytang ng aming pag-aaral ay nahiwalay sa amin si Mercedes sapagka't siya'y napababa ng "section." Hindi ko lubos mawatasan kung bakit bumaba ang kanyang marka gayong siya'y masikap naman sa pag-aaral. Ang kalungkutan ng kanyang mukha ay hindi nagbago. Taglay pa rin niya ang isang napakaamong anyo — mga matang tila umiiyak at nangungusap. Subali't sa aming paghihiwalay ay lalong sumidhi ang aming pagmamahalan.

Pagkatapos ng aming pag-aaral sa "high school," si Mercedes ay natanggap na "checker" sa mga sine sa lalawigan. Ang aming pagkikita ay naging madalang.

Abril noon nang ako'y operahan sa apendisitis sa Ospital Heneral. Ipinasabi ko kay Mario na sumulat kay Mercedes upang ipagbigay-alam ang aking karamdaman. Ang hindi pagtupad ni Mario sa aking kahilingan ay napatunayan ko nang si Mercedes ay dumalaw na may hinampo sa akin. Ako'y nagtaka, nguni't aking ipinagwalang-bahala sapagka't si Mario ay naroroon sa mga sandaling yaon.

Nang lubusan nang maulila si Mercedes ay inanyayahan ko na siya sa aming tahanan. Pinaunlakan niya ako kaya't wala kaming lakad ni Mario na hindi kasama si Mercedes, maging sa sine

(*Buklatin sa pahina* 11)

AT LAST

They Are Back



★ Merle Norman

Beauty Products

used extensively in the pre-war days by ladies of taste and distinction at the Manila Hotel Beauty Shop are now available to help restore to women what is theirs—B e a u t y.

Merle N o r m a n cold cream, powder, rouge, lipstick, cologne and lotion are all you need to reclaim your charm.

Ask Your Druggist for—

Merle Norman

Distributors Contact

ISIP BROS CO., INC.
448 Juan Luna

*Enrollment is in full swing at the—*

De Luxe Fashion School

AUTHORIZED BY THE GOVERNMENT

DRESSMAKING & HAIR SCIENCE

Enroll at Dasmariñas and David, near the People's Bank

● NOBELA

# ISA PANG BAYANI

ni Teodorico C. Santos

*(Ika-2 Labas)*

NANGINGINIG ang mga kamay na iniangat ni Ramon ang tarangka ng kanilang pinto. Kinabig niya ang malaking pintuan na lumangitngit pa nang mabuksan. Ang unang bumati sa kanyang mga mata ay halos nagpawala sa kanyang malay.

Sa kanyang harap ay nakatutok ang mga baril na nangingislap ang bayoneta. Nakita niyang ang mga may-hawak nito ay pawang mababangis ang mukha. Marumi at nangangamoy ang mga suot na uniporme, at sa kanilang mga mata ay madali siyang nakadama ng takot.

Narinig ni Ramon na nagsalita ang isang nasa likuran ng kaharap niyang kawal. Nasabi niyang pinuno marahil ang nagsalitang ito, sapagka't noo'y isa-isang ibinaba ang mga bayonetang nakatutok sa kanya. Sa isa pang utos ng pinuno ay rumaragasang pumasok sa loob ng kanyang tahanan ang mga kawal.

"Ako'y si Kapitan Omura," sa wikang Ingles ay pakilala kay Ramon ng pinunong Hapones. "Kami'y mabubuting kaibigan. Ikaw ba'y kaibigan ng mga Hapones o ng mga Amerikano?"

Madaling naunawaan ni Ramon ang kinabibitinan ng kayang buhay kaya't nakangiti siyang tumugon:

"Ah, siyempre, kaibigan ako ng mga Hapones. Bakit ako magiging kaibigan ng mga Amerikano? Ang mga Amerikano ay walang ginawa kundi pahirapan kami. Samantalang kayo'y dumating dito upang kami'y tubusin, hindi ba?"

"Ikaw ay mabuting Pilipino," nakatawa nang pakli ng Hapones. "Tayo'y magiging magkaibigan."

"Tuloy kayo... Tuloy kayo, Kapitan Omura." Buhay na ang loob ay anyaya ni Ramon. "Ariin ninyong sarili ang aming tahanan."

Magkasabay nang pumapanhik si Ramon at si Kapitan Omura, nang bigla silang makarinig ng kalabog. Natigilan na lamang si Ramon nang makita niyang nakatumba ang kanyang mga silya at mesa. Pinag-aagawan na ng mga sundalo ang kanilang natagpuang alak, sigarilyo at pagkain, at ang mga iba'y patuloy naman sa paghahalughog. Isang nakangising Hapones ang nakita pa niyang dahan-dahang lumalapit kay Luisa, habang ito'y mahigpit na nakayakap sa dalawang anak at nagpapakaliitliit sa isang sulok. Salamat at sa isang matalim na utos ni Kapitan Omura ay matuwid na nagsitayo ang mga kawal. Nawari ni Ramon na kaipala'y pinangaralan ang mga ito, sapagka't matapos magsalita ang kapitan ay kumilos na sila nang maayos.

"Dinaramdam ko ang nangyari," ani Kapitan Omura. "Hindi nila nalalamang ikaw ay kaibigan."

"Ah, walang anuman iyan. Walang anuman..." ani Ramon at tinawag ang asawa. "Luisa, maghanda ka ng pagkain para kay Kapitan Omura at sa kanyang mga kawal."

Nang tumayo na si Luisa upang sumunod sa kanyang utos ay humila si Ramon ng dalawang silya at naupo silang magkaharap ni Kapitan Omura. Sa pagitan ng pagsasalin ng alak ay ulit-ulit na sinasabi ni Ramon na talagang talo na ang mga Amerikano, at habang pinupuri niya ang tapang ng mga Hapones ay lalo namang nagpapakita ng yabang ang pinunong Hapones.

**Ang mga ikikilos ni Mang Ramon sa harap ng kaaway ay maaaring maging sanhi ng kanyang pagiging isang taksil o matapat na Pilipino.**



Halos hindi makapaniwala si Mang Ramon sa narinig niyang sinabi ng kanyang anak na kawal.

Naputol ang pagsasalita ni Ramon, nang buhat sa kanyang silid na aklatan ay lumabas ang isang kawal. Ito'y tuwid na tuwid na tumayo bilang pagpupugay kay Kapitan Omura, saka nagsalita nang mabilis at sunud-sunod sa tinig na pagalit.

Kinabahan si Ramon nang makita niyang biglang tumayo si Kapitan Omura. Ito'y pagalit na sumulyap sa kanya at saka humakbang nang malalaki na papanod sa kawal. Siya'y namumutlang sumunod.

Sa bungad pa lamang ng kanyang silid na aklatan ay natunugan ni Ramon na may masamang mangyayari. Nakita niyang si Kapitan Omura ay nanginginig at mapulang-mapulang namaywang sa harap ng isang malaking larawan ng Pangulong Manuel L. Quezon na ang nakapalamuti ay isang bandilang Pilipino at isang bandilang Amerikano. Nagunita niya ang ukol sa isang Pilipinong pinatay sa Iloko sapagka't ito'y tumangging alisin ang bandilang Amerikano sa kanyang tahanan kaya siya'y biglang kinilabutan.

At bago nakapagpaliwanag si Ramon ay mag-asawang tampal ang biglang dumapo sa kanyang muka. Ito'y sinundan pa ng kaliwa at kanan ni Kapitan Omura, hanggang sa dumaloy ang dugo sa kanyang bibig at ilong. Nakararamdam na ng hilo si Ramon nang marinig niya ang sigaw na "Tatay... Tatay ko..." ng dalawa niyang anak. Nakita niyang si Luisa'y maputlang-maputlang napasandal na lamang sa tabi ng pinto samantalang pigil-pigil nito ang umiiyak na sina Berting at Rosa.

"Dinaramdam ko ang magalit nang ganito," nakasalikod-kamay at paroo't-paritong lumalakad sa harap ni Ramon ay wika ni Kapitan Omura. "Subali't, dapat malaman ninyong mga Pilipino na aalisin namin ang lahat ng masamang bakas ng Amerika sa bayang ito. Kayo'y bibigyan namin ng paglaya, sa pasubali na, kayo'y tutulong sa amin. Naiintindihan mo ba?"

"Opo" mapakumbaba ay tugon ni Ramon.

"Dinaramdam ko ang magalit nang ganito," ulit pa ni Kapitan

(Buklatin sa pahina 11)

● NOBELA

*(Ika-2 Labas)*

# PAG-IBIG at Panata

ni *MAR. S. TORRES*

TANGING tangi ang pagdiriwang sa kaarawan ni Remedios. Halos natipon ang mga litaw na angkan sa mga bayang karatig ng Poblasyon. Maging ang pangulong bayan, ang kalihim at ang punong lalawigan ng Bulakan ay nagpaunlak sa anyaya ni donya Luisa. Lahat halos ay may dalang handog kay Remy, subali't ang kanilang pansin at matapat na paghanga'y nauwi sa katulong-tulong ng mag-inang tumatanggap ng mga panauhin, kay Lita Robles.

Tunay na namukod si Lita sa pagkakataong iyon. Tumbalik sa kanyang inaasahan, ang kanyang paligid ay naging mabulaklak, nasabugan ng madlang papuri at higit doo'y napadambana sa puso ng karamihan ang kanyang kariktang may samyo ng isang bagong bukad na bulaklak.

Kay dami ng ipinakilala sa kanya ni Remedios. Marami din ang nailapit sa kanya ni donya Luisa. Subali't ni isa man doon ay walang natandaang pangalan si Lita. Ang lahat ay tinutugon lamang niya ng ngiti, ng bahagyang pagyukod ng ulo na tila bunga ng kanyang kakimian at pag-aalanganin sa kalagayan ng kanyang mga kaharap. Hindi nalalaman ni Lita, na ang mga kilos niyang iyon na para sa sa kanyang palagay ay pag-aaral at pakikibagay sa pagkakataon, ay pinag-uukulan ng pansin at masuring pagsubaybay, hindi lamang ng mga binata at dalaga kundi ng mga magumagulang ng mga iyon na siyang higit na nakawawatas ng mabubuting kaugalian.

Malapit nang magsimula ang sayawan nang bumungad ng bulwagan ang isang tila nahuling panauhin. Si Lita lamang ang naiwan doon sa bungad ng pintuan, pagka't si donya Luisa ay nasa kusinaan at tinitignan ang lagay ng mga bagay-bagay doon, samantalang si Remedios ay nasa kabilang panig ng bulwagan at abala sa pakikiharap sa kanyang mga kaibigan.

Napatingin si Lita sa bagong dating. Iyon naman ay tila nagalanganin nang makita si Lita at tila nagbalak pang lumisan sa pag-aakalang nagkamali siya ng pinatunguhan. Nguni't ang matamis na tinig ni Lita'y tila hindi kayang paglabanan:

"Magtuloy kayo!" ani Lita.

Napangiti ang panauhin. Pagkatapos matitigan si Lita ay magalang na sumagot: "Tila po nagkamali ako. Ito po ba ang tahanan ni donya Luisa?"

Tumango si Lita at saka inulit ang anyaya: "Tuloy na kayo at aking tatawagin ang inyong hinahanap!"

Sumunod ang panauhin. Mga ilang hakbang lamang buhat sa kanyang pinanggalingan ay huminto at hinabol ng tingin ang kariktang nababago sa kanyang pananda.

"Ito kaya si Remedios?" tanong sa sarili ng panauhin, at pagkatapos magpalinga-linga at tapunan ng tingin ang karamihan ng mga panauhin ay tumungo sa kanyang niyayapakang dako na tila hinahanap ang wastong kasagutan sa kanyang tanong. "Kay gandang bata!" ang wala sa loob ay naibulong sa sarili ng panauhin.

Nang iangat na muli ang kanyang ulo ay siyang pagtatama ng tingin nila ng donya.

"Donya Luisa!" sambitla ng panauhin.

"Abá!..." patigagal ng binati, "Doktor Santos, anong kapalaran ang naghatid sa inyo sa dakong ito?" at ang patuloy pa ng donya, "Mabuti pa palang hindi kayo pinaaanyayahan, sumisipot kayo!"

"Si donya Luisa naman!" salag ng doktor, "Hangga ngayon ba'y naaalala pa ninyo iyon!"

> ***Patuloy sa mahinhing pagdaloy ang buhay ni Lita, na kaugnay ng buhay ng mga taong nasa kanyang paligid.***



Ang buhay ay malupit sa isang gaya ni Lita na isang maralita lamang!

"Ang kabiguan ng pag-asa ay hindi maaaring malimutan. At isipin ninyong malagay ako sa paghihintay ng wala!" sagot ng donya.

"Buweno!" pangiting pakli ng doktor, "Ngayon marahil ay wala na kayong sasabihin... narito na ako!"

"E, ano pa nga ba ang sasabihin ko!" tanggap ng donya at pagkasabi niyon ay bumaling kay Lita na noo'y nakikinig lamang at titingin-tingin sa dalawang naguusap.

Tawagin mo, ineng, si Remedios" utos ng donya kay Lita, "Sabihin mong narito ang kanyang doktor!"

Dali-daling sumunod si Lita. Tila napamulagat ang doktor sa kanyang narinig, sapagka't nagkamali ang kanyang akala sa dalagang sumalubong sa kanya. Gayunman, upang tiyakin ang kanyang pag-aalinlangan ay nasabi ang ganito: "Iyan yata ang bunso ninyo."

"Sino, si Lita?" pagulat na sagot ng donya, "Nalimutan na ba ninyong iisa ang aking anak?"

Napatawa si doktor Santos. Iisa nga pala ang anak ng donya, na nang may limang taon ang nakararaan ay nailigtas niya sa isang mabigat na karamdaman, kaya nga buhat noon ay siya na ang naging palagiang manggagamot ng mga *de Luna*. Kay dali niyang makalimot.

"Doktor!" masayang bati ni Remy, "Kailan kayo dumating?"

"Kangi-kangina lamang!" nakangiting sagot ng binati, "Kumusta ka?"

"Abá..," ani Remy, "Ano bang kumusta,—batiin ninyo ako!"

"Kaarawan ngayon ng inyong pasiyente!" katlo ni donya Luisa.

"Buweno!" masayang tanggap ng doktor, "Nais ko ang isang maluwalhating kaarawan!" at kinamayan niya si Remedios.

'Salamat!" ani Remedios at pagkaraan ng pakikipagkamay niya sa doktor ay kinawit naman ang kamay ni Lita na noo'y matamang nakikinig ng usapan, "Ang aking kaibigan at kababata, doktor!" ani Remy.

"Isang karangalan ko!" ani doktor Santos, kasabay ang pag-aabot ng kanyang kamay sa nakikiming si Lita.

Bahagya nang nakapangusap si Lita. Wala siyang nagawa kundi tupdin ang hinihingi ng magandang asal, bagama't ang kalooban ni Lita ay tila alapaap at di mawasto, sanhi sa nakalulunod na papuring noon lamang niya narinig, na buhat pa naman sa isang kilalang manggagamot.

*(Buklatin sa pahina 12)*

# Mga



SI DELY MAGPAYO ay malamang na muling marinig ang tinig sa radyo.

ANG pangalan ni Jose Corazon de Jesus ay muling nanariwa sa gunita ng bayan nang ipalabas sa dalawang dulaan sa Abenida Rizal and kanyang "Gahaman, at Irog, Paalam (itong huli'y ibinatay sa kanyang "Ang Pagbabalik.) Ang Gahaman ay hindi lamang sadyang katha ni Huseng Batute, kundi ang isa sa lumabas ay anak din niyang tunay, ang ngayo'y kilala sa pangalang Corazon de Jesus. Si Corazon de Jesus ay unang nagkaroon ng pagkakataon nang siya'y gumanap ng isang maliit na papel sa "Ang Haring Hampas-lupa," na ang buhay ay may-kinalaman sa makata ng Pransiya, kay Francois Villon, na ginanap ni Fernando Poe.

* * *



PALABAS si Luningning sa mga lalawigan-at doon tinatagpo ang kanyang mga tagahanga.

AT nabanggit na rin lamang natin si Fernando Poe, nalimutan na ba ninyo ang kanyang "Palaris —ang "Robin Hood" na Pilipino? Ngayo'y kasalukuyang inihahanda ang isang malaking samahang pinamagatan niya ng "Palaris Enterprises." Ang samahang ito'y kabibilangan ng isang estudiyo, isang bahay-kalakal, isang tindahan ng radyo, isang palimbagan, magasin, atbp.

* * *

KUNG alukin ng isang kontrata sa Hollywood si Pat Mijares ay hindi katakataka. Ang kanyang larawan na kuha ni Maynard ng "Metro Goldwyn-Mayer" ay itinuturing ngayon sa Amerika na larawan ng gandang Pilipina. Ganyan din ang masasabi natin kina Pugo at Togo, na maraming larawan ang nakarating sa Hollywood nang kunan sila sa bantog nilang labas na "Hanggang Piyer."

* * *

ANG ginagawa nila ngayon, habang wala pang kuhanan ng pelikula:

Si Gerardo (Jerry) de Leon ay tagapamahala sa Club Rio.

Si Ely Ramos ay isa nang mangangalakal—sari-sari ang kanyang paninda.

Si Angel Esmeralda ay nagyayaot dito sa lalawigan sa pamamagitan ng kanyang sariling trak.

Si Mila del Sol ay nangasiwa ng isang "night club," ang "Villa Hermosa"—pangalang kuha sa isa sa mga pelikula niya noong araw.

Si Armando (Pinoy) Cris ay nasa kampamento Murphy pa rin, at siya ang namamahala ng pangkat ukol sa aliwan ng mga kawal.

Si Norma Blancaflor at Ester Magalona, ay kapuwa maligaya sa piling ng kanilang mga kabiyak ang una'y nasa Baliwag, at ang pangalawa'y sa Nueba Biskaya.

Si Sonia Reyes ay maligaya sa pag-aalaga sa kanyang unang supling.

Si Luningning ay patuloy sa paglabas sa mga "traveling shows," at kamakailan lamang ay kasama nina Alfonso Carvajal, Florentino Ballecer, atbp.

Si Rogelio de la Rosa ay naglilibot na rin sa mga lalawigan sa pamamagitan ng kanyang pangkat na dating nagpapalabas sa Lotus.

Pagkatapos ng kanilang kontrata sa "special service" ng hukbo ay muling magbabalik sa Alegria sina



MASAYA si Manuel Conde sapagka't gagawa uli sila ng pelikula sa L-V-N ni Mila del Sol.

Benny, Rommy at Dulcy Din.

* * *

ANG bagong tuklas na bituin ni Tor Villano ay si Luz Divinia, at ang itatambal niya'y si Fred Peñalosa, isang dati'y bituing manglalaro ng basketbol. Ang dalawang bagong tuklas na ito ni Tor, ay isasama sa mga beteranong sina Pugo at Tugo, Rolando Liwanag, Oscar Keesee, Rogelio Nite, Lily Miraflor, Totoy Torrente, atbp. Lahat sila'y lalabas sa "They Died To Live" (Nangamatay Upang Mahuhay).

* * *

Si Guillermo (Billy) Icasiano ay naghahanda na rin ng kanyang "script" para sa "Sampagita." Sa mga huling balita ay nabatid naming si Lorenzo Tuells ang magiging tagapangasiwang pangkalahatan ng tinurang estudiyo, sa pamumuno ni Hukom Jose O. Vera, kapatid ng yumaong Pedro Vera.

* * *

Malamang na sa buwan ng Disyembre ay dalhin sa Amerika ang "Filipiniana", pangkat ng mga mananayaw, mang-aawit at mga musikong Pilipino, na kasalukuyang nasa kagawaran ng tanging paglilingkod sa hukbo. Ang mga mananayaw ay pinamumunuan ni Gng. Francisca Tolentino ng Unibersidad ng Pilipinas, karamihan ng mga mangaawit ay dating nasa radyo KZRH, at ang mga musiko naman ay bumubuo ng isang pangkat ng rondalya. Ang buong pangkat ng Filipiniana ay umaabot sa 52 katao.

* * *

Si Carlos Vander Tolosa, kilala sa pagka-direktor sa pelikula, at namahala ng "Dugong Silangan na ipinalabas sa Lyric at naging sanhi ng pagkadala sa kanya sa "Fort Santiago," ay kinuha ni Lou Salvador upang maging tagapamahala ng "Corrigidor," isang tanging palabas na itinatanghal ngayon.

Kasalukuyang inihahanda ni Manuel (Ararong Ginto, Maginoong Takas) Conde, ang "Alaala Kita, ibinatay sa isang awiting may titik ni Gng. Aurora Aragon Quezon. Nakatakdang lalabas sina Rodrigo (Bimbo) Danao, Mila del Sol, Domingo Principe, Fidel de Castro, Cecilio Joaquin, at "Elvira", isang bagong tuklas ni Donya Sisang ng L-V-N.

* * *

Si Billy Smith, tekniko ng "Sampagita," na noong panahong Hapones ay ikinulong sapagka't napagbintangang gumagawa ng "transmitter", ay nagtungo sa Los



SI JERRY DE LEON, isang doktor, ay patuloy sa pagiging direktor sa Federal Films.

NEW ENGLAND HOTEL & RESTAURANT
*Quezon Boulevard*
Prompt Service * Delicious Dishes
OPEN 8:00 A.M. TO 9:00 P.M.

# BULALAKAW

Angeles, California, upang sunduin ang kanyang may-bahay, si Violeta del Campo. Ang dalawa'y babalik dito pagkatapos na makapamili ng ilang kagamitan para sa "Sampagita." Si Eduardo (Marvin) de Castro na naroroon na rin sa Amerika, ay ipinalalagay na tumitingin din ng mga aparato para naman sa "X Otic Films." Ang L-V-N, bagaman hindi napinsalaan, ay malamang na magpasugo din ng kanyang kinatawan sa Amerika, upang bumili ng mga bagong kagamitan sa estudiyo.

* * *

Kamakailan lamang ay lulan ng isang aeroplano sina Pugo at Togo, kasama sina Lily Miraflor at Melba, upang lumabas sa isang tanging pagtatanghal sa Takloban, Leyte. Ang pagsakay sa aeroplano ay naging karaniwan na sa mga artista natin. Ang iba sa kanila'y nakalipad na sa Bataan, Mindoro, Lingayen, at Leyte, upang lumabas lamang sa loob ng isa o dalawang araw.

* * *

Ang mapagpatawang si Coring ay unang napansin nang gampanan niya ang isang papel na ukol kay Pat Mijares, ang "Huguette sa "Haring Hampas-Lupa." Nagkasakit noon si Pat. Ngayon ay maaari si Coring sa pagpapatawa, pagsayaw, sa "dramatic role," o kahit na sa anong uri ng papel.



SI NORMA BLANCAFLOR, ay abala sa pagiging reyna ng isang tahanan.

## Pagpapakasakit

(*Karugtong ng nasa pah. 7*)

ó sayawan. Isang dapit-hapon, ipinagtapat sa akin ni Mercedes na nais niyang mag-madre. Siya'y aking pinangaralan na huwag niyang isaisip ang gayon. Pinakinggan niya ako kaya't hindi na niya ipinagpatuloy ang kanyang balak.

Nang sumalakay ang hukbong Hapones sa Maynila—si Mercedes ay pumiling sa kanyang mga kamag-anakan sa lalawigan. Si Mario naman ay napabilang sa mga sundalong lumaban sa Bataan. Nang mga panahong yaon ay pawang kalungkutan ang umiral sa akin. Napakasaklap ng buhay noon!

Nang ako'y wala nang mabalitaan kay Mario, ay naisip kong marahil ay nasawi siya. Nagka taon naman na mayroon kaming kapit-bahay na nagnanais magpahayag sa akin at gustong-gusto ng aking mga kapatid. Tinanggap ko ang kanyang pag-ibig kaya't ang amin na lamang hinintay ay buwan upang kami'y makasal. Nang mabalitaan ni Mercedes ang gayon, siya'y dali-daling nagtungo sa bahay at ako'y kanyang pinagwikaan ng ganito:

"Luz, kapag ikaw ay napakasal sa lalaking iyan ay ituturing na kitang patay. Dapat mong alalahanin na ikaw'y nakipagkasundo kay Mario. Nangako ka sa kanyang ikaw'y maghihintay. Wala ka pa namang balita na siya'y patay na, nakipagkasundo ka na naman sa iba. At saka tandaan mo ito: Kung si Mario ang makaisang-palad mo'y idudulot ko sa iyo ang lahat ng aking makakaya. Nguni't kung ikaw ay magpapatuloy sa iyong kasunduan sa lalaking iyan, wala kang maaasahan sa akin."

Hindi naglao't ang ating mga hukbo ay sumuko sa Bataan. Walang anu-ano'y nabalitaan kong si Mario ay kabilang sa mga bihag na pinalaya sa 'Kampo O'Donnell sa Kapas Tarlak. Si Mario ay payat na payat noon at halos matumba sa kahinaan nang aking dalawin sa ospital. Nang siya'y gumaling ay nasok siyang ahente ng "real estate." Wala pa siyang isang taon sa kanyang pinapasukan, napataas na si Mario sa kanyang tungkulin. Napag-usapan namin na kami'y dudulog na sa dambana.

Handa na ang lahat noon — si Mercedes pa nga ay hindi nagkulang sa kanyang pangako—iniukol niya ang isang buwang singkad sa paghahanda ng aking mga gagamitin—mga kakailanganin sa pamamahay. Nguni't si Mercedes ay tumanggi sa kanyang pagiging "dama de honor."

Nang sumapit ang araw ng aming kasal ni Mario, nawawala si Mercedes. Nakaluhod na kami nang aking napansin si Mercedes sa isang dako—masaya ang kanyang mukha, at sa wari ko'y lalo pa siyang gumanda. Pagkatapos ng kasal, malugod niya akong niyakap.

"Binabati kita, Luz. Nawa'y bigyan ka ng Panginoong Diyos ng maligayang hinaharap."

"Salamat, Mercedes, salamat."

Magdadalawang taon na ngayong kasal kami ni Mario. Malaki na ang aming sanggol—nguni't si Mercedes ay hindi ko nakita ó nabalitaan man lamang.


**HARRISON VENETIAN BLIND MFG.**

WILL ACCEPT: CONTRACTS & JOBS
FOR VENETIAN BLINDS MADE TO ORDER

337 Trabajo St., corner G. Tuazon, Sampaloc




HINDI pa nakatutugtog si Corazon Noble gaya ng nasa larawan, nguni't magpapagamot siya sa Amerika, upang magsauli ang napilay niyang kamay.

## Isa pang Bayani . . .

(*Karugtong ng nasa pah. 8*)

Omura. Binalingan nito ang kanyang mga kawal at sa isang utos ay nakita ni Ramon na binaltak ang kuwadro ng larawan ng Pangulong Quezon. Sapagka't kasama ng larawan ang bandilang Amerikano, kaya't ang larawan ng Pangulo ay kasamang pinagyayapakan ng nagkakatuwang mga Hapones.

"Nakahanda na po ang pagkain," sa wakas ay nasabi ni Luisa.

Nakangiti na si Kapitan Omura, kaya't nagsalita naman si Ramon:

"Halina kayo, Kapitan. Tawagin ninyo ang inyong mga kawal."

"Ang mga kawal ay hindi kumakaing kasabay ng kanilang pinuno," wika ni Kapitan Omura. "Ako ang kanilang pinuno, kaya ako lamang ang kakain."

(*ITUTULOY*)



SI MILA DEL SOL, ay mataba ngayon kaysa nasa larawan, kaya siya'y nagba- [illegible]



# SABIHIN sa AWIT

## KAHAPON LAMANG

*(Buong puso at pagmamahal na inihahandog kay Dolores ng Alegria ni D-Ice, kay Leticia Amorante ng Hagonoy ni Binatang Bukid, kay Celia Santos ni T. Rivera, kay Cora ng Apolo ni Lagman at kay Rosa Lee ni P. P.)*

Kahapon lamang ikaw at ako.
Taglay ang pag-ibig
wari'y pabango—
Humahalimuyak di magbabago.
Taglay ang pag-ibig na iniaalay ko;
Subali't oh, irog nasaan ito.
Bakit nagluksa na pati ng mundo.
Kung aking isipin
lahat ay nagbago,
ito'y isa lamang paglalambing!

—Koro—

Di ba irog kahapon lamang.
sa pag-ibig sabay tayong
sumasamba;
Di ba irog kahapon lamang.
ikaw't ako sa pag-ibig ay iisa. .
Mandin irog pangarap lamang.
ang kinamtan ng puso ko at
kaluluwa—
Kung nais mong ako'y tunay na
lumigaya.
Kahapon lamang buhayin ta. .

## YOU BELONG TO MY HEART

*(Heartily dedicated to Rosalina Matias by C. D., to Max by Dadoy, to Floring, Nena & Chabeng by Nick, to Rosy by Carding of Caloocan, Rizal, to Adelaida Covelo by Julia Verzoza, to Remy by Nar.)*

You belong to my heart
Now and forever.
When our love had its start
not long ago.
We were gathering stars
While a million guitars
played our love songs.
When you said I love you,
Every beat of my heart said it too.
T'was a moment like this
Do you remember?
When your lips threw a kiss
And they met mine.
Now we own all the stars
While a million guitars
kept on playing.
Darling, you are the song,
And you'll always belong to my
heart.

**Macaspac Bookstore**
**&**
**Circulating Library**
Tanging Tagapamahagi ng
Sinag-tala sa purok ng
Sta. Ana
19 Calderon, Sta. Ana



*SI RODRIGO (BIMBO) DANAO, na ngayon ay siyang tanging mang-aawit na Pilipino sa radyo, ay makikita sa larawan samantalang pinakikingan ang isang baguhan. Sa gawing kaliwa ay nakikinig si Mila del Sol, na di malalao'y makikita natin sa "Alaala Kita," unang pelikula ng L-V-N.*

## ALWAYS

*(Dedicated to Miss Lita Menor of Caridad, Cavite, by PD.Q*
*Cavite, by PD, to Gloria of the Herald-Dispatch by Kapos Kapalaran, to Gloria Hamero of ECA No. 5, Store No. 96 by L. Alquero.)*

I'll be loving you always
With a love that's true always
And the things we plan need
a helping hand I will understand
always, always
Days may not be fair always
that's when I'll be there always
Not for just an hour
Not for just a day
Not for just a year but always.

## ISANG LIHIM

*(Sa himig ng "You'll Never Know" at buong pusong inihahandog kay Manolita ni O.C., kay Bert ni M., kay Liling ni Black Widow, kay Carmen Valderama ni Placido Aalobo.)*

Sadyang tapat ang pag-ibig ko.
na iniaalay sa iyo—
Nguni't giliw di mo pansin pagka't
ako'y
walang yaman kundi pusong tapat.
manalig ka giliw—
Ito'y lihim na iniingatan.
katimbang ng puso ko't buhay.
Kung mamatay man ako'y dapat
mong mabatid hirang.
Ang pag-ibig ko'y iyo lamang!

## BESAME MUCHO

*(Heartily dedicated to Miss Araceli A. Menor of Cavite City, by Pacifico S. Damian of C. C. M. A.)*

Besame, Besame Mucho
Each time I cling to your kisses
I hear music divine.
Besame mucho, hold me my darling
and say that you'll be mine.
This joy is something new,
my arms enfolding you,
never knew this thrill before.
Whoever thou, I'd be holding you
close to me, whispering to you
I adore

Dearest one, if you should leave me
Each little dream would take wings
and my life would be thru,
Besame mucho, love me forever
and make my dreams come true.

* * *

## AS TIME GOES BY

*(Dedicated to Lita, Nena and Sixta of N[illegible] T. C. by Leo, to Marie Reyes by Tito [illegible]zales of A. H. S., to Lina Adorable [illegible] C. A. of A. L. C., to Ligaya D. Perez o[illegible] Gapan, Nueva Ecija by C. L.)*

You must remember this
A kiss is still a kiss,
A sigh is just a sigh;
The fundamental things apply,
As time goes by.
And when two lovers woo,
They will say "I love you"
On that you can rely.
No matter what the future brings
As time goes by.
Moonlight and love songs never
out of date.
Hearts full of passion, jealousy
and hate
Woman needs man and man [illegible]
have his mate.
That no one can deny.
It's still the same old story.
The fight for love and glory.
A case of do and die!
The world will always welcome
lovers.
As time goes by.

## HINDI KITA MALIMOT

*(Handog sa magkakapatid na Berta, M[illegible]ling at Lily ni E. Villasis, kay [illegible] at Pricilla Mercado ni Bayani, kay EBN[illegible] LAMWANG ni mst. kay Kay Lord Pan[illegible]tikon ni Vic. Dun.)*

Sa pangarap ko lamang.
Lagi kang nakikita.
Sapagka't nawawalay.
Ka sa akin sinta—
Ako'y dumadalangin
Lalo na kay Bathala.
Upang huwag kang lumimot.
Pagka't mahal kita—

—Koro—

Hindi kita malimot
Minamahal kita—
Manalig ka sinta—
Isinusumpa ko
Sa'yong kagandahan.
Na ikaw lang ang tangi
kong minamahal—
Hindi kita malimot
H'wag kang manimdiman.
Hindi kita malimot.
puso ko'y iyo lang—
At kung ikaw man ang lumimot.
Iyong alalahanin.
Mahal pa rin kita!

**TAVERA'S BEAUTY SUPPLY**
**We Sell** U. S. ELECTRICAL APPARATUS, HELEN CURTIS, MEDICINE MACHINELESS AND ACCESORIES.
304 Miranda St. Quiapo, Manila

## Lungti . . .

(*Karugtong ng nasa pah. 3*)

kabayanan ang tila isang mahabang tanikala ng mga sasakyang natitigib ng mga kawal ng Hukbong Pilipino.

Madilim na nang siya'y sumapit sa kanilang kubo, at si Lilay ay nasa harap ng dapugan at niluluto ang kanilang hapunan.

Napasalampak na lamang siya sa harap ng kakalanan, saka tila mulalang napako ang paningin sa malayo, sa lubugan ng araw. Naisip niyang ang buhay nila na tila inabot ng paglubog ng araw, ay magdaranas ng hirap paglaganap ng karimlan sa buong magdamag. Hindi iisa ang naringgan niyang ang digma'y walang naidudulot sa buhay ng tao kundi hirap at gutom.

Napukaw ang kanyang pananahimik nang itanong sa kanya ni Lilay kung bakit tila namamanglaw gayong malapit nang mag-ani sa kanilang kaingin, saka nangingingiming nasabing siya'y nagdadalang-tao.

"Hindi ka ba natutuwa, Inggo... ako'y naglilihi na," at nalaganapan ng mayuming hagikgik ni Lilay ang buong kubo.

Tumindig si Inggo. Nilapitan ang asawa saka hinawakan ang kamay, pinisil ng buong giliw.

"May digmaan," halos hindi nagdaan sa lalamunan ni Inggo ang kanyang binigkas, "at nakita ko ang mga sundalong pilipino sa bayan. Hindi ko alam kung saan sila paroroon, nguni't . . . natitiyak kong sila'y makikipaglaban."

Kumaba ang dibdib ni Lilay. Nagunita rin niya ang naririnig sa kanyang mga magulang. Ayon sa kanyang mga magulang, ang lahat ay magtitiis ng pagdadahop sa panahon ng digma, at ito'y naranasan ng lahat sa panahon ng pakikipaglaban ng mga Pilipino sa Kastila at Amerikano.

At nabalitaan nila ang pagbagsak ng Bataan, saka ang pagsuko ng Korehidor.

Nguni't and hindi nakuhang maibagsak ng mga kaaway sa dibdib ni Inggo at ni Lilay ay ang pagibig ng mga ito sa kanilang lupang tinubuan.

* * *

SA loob ng tatlong taon ay natulad sila sa karamihan, tila mga batang nainip sa paghihintay sa pagdating ng kanilang mga magulang. Sa mga taong nagdaraan sa kanilang dampa ay wala silang naririnig kundi ang lagi nang malapit ang mga amerikano at sasalakay na sa Pilipinas. Hindi rin nila maunawaan kung bakit laging pinakakaba ang kanilang dibdib ng ganitong mga balita.

Nalaglag man ang pinagdadalang-tao ni Lilay, nagkaganito ma'y hindi gaanong dinamdam ni Inggo sapagka't naniniwala siya sa banal na kapangyarihan ni Bathala. Ang mga kalungkutan ni Lilay ay inaliw niya sa mga pangakong sasapit din ang panahon na ang kanilang mga pangarap sa buhay ay matutupad.

Nguni't isang hapon ay nakarinig na lamang sila ng isang balitang kumalat sa buong kabayanan. Narinig ni Inggong sumalakay sa buong Luson ang mga aeroplanong Amerikano at marami ang namatay sa Maynila.

Hindi sana siya maniniwala kung hindi pa niya nakitang tila mga lawing naglaro sa himpapawid ang dalawang aeroplano, at narinig niya ang putok ng mga masinggan. Napatakbo siya sa kanilang kubo, itinuro kay Lilay ang isang magandang panoorin sa himpapawid, at nang makita nila ang pagbagsak ng isang aeroplano'y nagkayakap ang dalawa saka pabulong na sinabi ni Inggong iyo'y aeroplano ng mga kaaway.

Hindi maunawaan ni Inggo kung bakit may ilang butil ng luhang natak sa pisngi ni Lilay; ang tanging nababatid niya'y gayon si Lilay kung nag-uumapaw sa katuwaan ang puso.

At makaraan ang ilang buwan ay pinagsabihan sila ng mga taong namumuhay sa kabundukan, na kailangang sila'y bumago ng tirahan sapagka't ang mga hapones ay tumatakas na patungo sa bundok.

Hindi sila nakapahindi sa biling yaon ng mga taong matagal ding nagsipanahanan sa bundok at kung minsan ay siyang nagbabalita sa kanila ng tunay na nangyayari sa mga larangan.

Sila nga ay umalis sa kanilang kubo, lumipat sila sa malapit sa kanilang mga kamag-anak . . .

---

INGGO, ngayon lamang tayo mababalik sa atin, ano?"

Hindi pa rin sumagot si Inggo, sa malayo nakatuon ang kanyang mga pananaw, saka tila hinahanap ang landas na patungo sa kanilang kubo.

Si Lilay ay hindi na nagsalita, sinundan na lamang ang asawa sa paglakad. At napawi sa gunita niya ang mga nakaraan. Naramdaman niyang tila sila bagong kasal lamang na pauwi sa kubuhan ni Inggo.

At namalayan na lamang ni Lilay na sila'y nasa taluktok ng kanilang kaingin, nagugubat ang paligid at ang mga damong-parang ay nagtataasan.

Nang ibaba ni Inggo ang pasang balutan ay napabuntong-hininga, ito tinawag si Lilay, saka itinuro ang buong kalawakan ng kapatagan.

Napayakap si Lilay . . . mahigpit ang pagkakayakap niya kay Inggo, saka halos lumuluhang sinabing sila'y nabalik din sa kanilang kubuhan. Naramdaman ni Inggo ang mayuming pagdampi ng buhok ni Lilay sa kanyang mukha, ang buhok na nilalaro ng panggabing-hangin, at nasamyo niya ang halimuyak ng lungtiang kabundukan sa gawing iyon ng daigdig.

---

## ANG "BACK PAY"

Ang sabi ng diaryo, babayarang lahat,  
sahod sa loob nang tatlong taong singkad:  
kay daming natuwa, nasigaw sa galak,  
pati ng pulubi'y natutong pumakpak—  
ang katotohanan nang muling ihayag,  
iba ang nayari sa dapat ilabas;  
pati istudyante'y nagbalak umaklas,  
tutol sa nangyaring tila pabaligtad  
ang dakila'y naging dakila pang ganap.  
(O, mahal kong titser, huwag kang umiyak!)

—*Martiniko*

## Ang Aking . . .

(*Karugtong ng nasa pah. 5*)

nuong mataas ng tungkulin si Joe at magkaroon ng isang "jeep" ay dumalang na nang dumalang ang pagtungo niya sa amin. Nasabi namin na marahil ang gayon ay dala ng kanyang mga gawain sa bago niyang tungkulin. Kamakailan ay nakita ko si Joe na sakay ng kanyang "jeep." Kasama niya ang isang magandang mestisa.

Isang Joe rin ang pinakapuno sa aking pinapasukan.. Siya'y kamukhang-kamukha ni Cesar Romero na laging gumaganap sa papel na "Cisco Kid," kaya Cisco ang tawag sa kanya ng lahat.

Si Cisco ay kaibigan naming lahat kungdi oras ng gawain. Kung minsan naman kahit na kami'y gumagawa ay nakikipagbiruan siya sa amin. Kung tumutungo sa aming talyer yaong dalagang clerk na nagdadala ng mga gawaing dapat na mayari ay hindi nakakaligtaang tawagin ni Cisco ang binatang kasamahan namin na lumiligaw sa nasabing dalaga. Sa gayo'y sabay-sabay kaming sisipol ng "Wedding March" at hindi pa kami nakakakalahati ay sisigaw na si Cisco ng "At Ease." Nguni't lalo lamang kaming magkakatuwaan at wala na siyang magagawa.

Minsan naman ay napalapit sa kanya ang isa sa amin na may pintura ang pisngi at buhok.

"Ano, nag-aaksaya ka ng pintura," wika niya sa aming kasamahan.

"Ito'y nagpapatunay na ako'y masipag at walang tigil sa paggawa ng mga "signboards", tugon naman ng aming kasama na ibig yatang maisahan si Cisco.

"Nguni't sa tingin ko ay hindi ka naman mukhang isang "signboard", wika ni Cisco at nagtawanan kaming lahat.

Ito'y paminsan-minsan lamang kung mangyari. Kadalasan ay nagdaraan sa amin ang maghapon sa sulyapan.

At marami pang mga katangian ang aking mga kaibigang Kano.

* * *

*Kupon Sa Pagsali sa* Timpalak

*Pamagat* ..............................  
*Pangalan ng sumulat* ..............................  
*Pangalan ng Guro* ..............................  
*Paaralan* .............................. *Grado* ..........  
SINAG-TALA Oktubre 20, 1945

*For Style and durability . . .*

**Buy your shoes from us.**

**FAMILY SHOES**

352 Raon Manila

# PAGTUTURO at PAG-AARAL ng Wikang Pambansa

—Lope K. Santos

**I. Kakulangan ng mga Aklat sa Pagtuturo:**

IBÁ ang mga aklat at babasahíng kailangan ng mga guro sa pagtuturo, at iba ang sa mga nag-aaral. Dátapwa't ang isáng guro ay di-makapagtuturo nang magalíng, kung wala o di-nakaaalám ng mga aklat at babasahíng kailangan ng kanyang mga tinúturuan. Ang bagay o dunong na ituturo ay dapat na nápag-aralan na muna ng magtuturo. At ang kanyang pagkakápag-aral ay yaón bagáng hindi pasapyaw lamang, kundi lubang-lubá sa kanyang kaalamán. Sa ganitó'y hindi mangyayari sa kanya iyáng madalás mangyari sa iláng guro, na kung magkaroón ng mga nag-aaral na matalino at maurira, ay nag-áalumpihít sa paghagilap ng máisasagót,—bagay na totoóng pangit mákita sa isáng páaralán.

Isáng katotohanang kailanma'y di-dapat máwaglit sa alaala ng sino mang tagapagturo iyáng símulaing ang waláng nálalaman ay hindi kátututuhan, batay sa kasabiháng-pantas na "ang wala ay waláng máibibigáy." At habang lumalaki ang karunungan ng guro sa aralíng itinuturo, ang pagtuturo niya'y lalong gumagaán, at ang paniñiwala at pagkaakit sa kanya ng mga tinúturuan ay paragdag nang paragdag din namán.

Ang kahulugán nitó'y isáng tungkulin ng waláng-hanggang pag-aaral ng isáng guro, na anupá't di-dapat magkásiya sa mgá nálalaman na sa dunong na itinuturo, kundi kailangang magdagdag pa rin ng kaalamán hangga't may mápagkukunan.

Sa pagkukuro sa bagay na itó, nágugunita tulóy namin ang isá sa mga malaking kamálian ng pinaiiral na kaatasán sa mga guro sa ating mga páaraláng-bayan. Ayon sa mga pamalakad, ang buóng panahón ng mga guro, mápa-bahay, mápa-páaralan, ay sinúsukata't ipinauubos na lahát sa mga gáwaing ukol sa mga nag-aaral. Kaya ang mga guro ay wala nang kapaná-panahóng labis na sukat maíkapag-aral naman nilá ng mga pandagdag na karunungan, na di lamang pakikinabangan ng kaniláng sarili, kundi ng mga bata mang tinúturuan.

Ang ganyang malíng pamalakad ay dapat nang mabago, lalunglalo na sa pagtuturo ng Wikang Pilipino, na isáng lárangang bagong-bukás sa ating mga páaralán.

Hindi pagka't tagalog, at pakabuti-buti mang mánanagalóg, ay makapagtuturo nang mabuti ng wikang tagalog. Ang tinutukoy namin ditong wika ay hindi iyáng mga panálitaang karaniwan o panlansangan, na maaaring mátutuhan kahit na kaninong nakapagsásalita ng Tagalog, nang huwág di-máunawaan ng kausap. Ni hindi rin namán ang wikang pampánitikán, at lalo nang hindi ang pandalubhasa, na talagáng náuukol na sa mataas na páaralán, o pamantasan. Ang mga gurong sa larangang itó'y nábibilang, ay may mga ibáng uri namán ng pagpapakadalubhasa na dapat sikaping máragdag sa kanilá nang mga nálalaman at itinuturo.

Ang mga guro ng Wikang Pilipino sa mga páaraláng-bayan at páaraláng-sarili man, ay dapat magsikhay ng kaní-kaniláng sariling aklatan. Kagaya ng páminggalan ng mga pagkain at mga kasangkapan sa ikabubuhay at sa ikalalakás ng katawán, na sinisikap nating huwág magkulang sa ating pamamahay; gayón din ang aklatan, na siyáng pinaka-páminggalan ng mga pagkain ng pag-iisip at taguán ng mga kagamitán sa hanap-buhay, na kanawanawang nabubuklat sa mga oras ng pangangailangan.

Sapagka't Wikang Pilipino ang itinuturo, at sa pagtuturong itó namán kumikita, o ibig kumita ng ikabubuhay ang isáng guro, dapat siyáng maglaán ng biglaan o unti-unting panggugol sa mga bílihing aklat, páhayagán at ibá pang babasahíng nasusulat sa wikang tagalog, una-una, gayón din ng mga násusulat man sa ibáng wikaíng pilipino, o sa Ingles, sa Kastila, o ibá pang wikang banyaga, na may-kinálaman o tumutukoy sa kasaysayan at mga katangian ng násabing wikang itinuturo.

Palibhasa'y ngángayón pa nga lamang pinaháhalagahán sa mga páaralán ang ating sariling wika, kaya bábago pa ring nakagigitaw sa dakong itó ang pánitikang tagalog. Talagáng kulang na kulang pa nga tayo sa mga aklat at babasahíng tagalog na sukat mápag-aralan ng mga guro at sukat mápagkunan ng mga pandagdag na dunong sa kaniláng pagtuturo. Samantalang tayo'y naghihintay sa mga mánunulat at sa mga gurong may-kadalubhasaan na sa pananagalog ng kaniláng mga akdang maaaring inihahanda na, at alám naming may ilán nang talagáng nakahanda sa pagpapalimbag, ay kailangang magkásiya na muna tayo sa karamihan ng mga lumang babasahíng yaoi ng ating matatandang mánanagalóg, pilipino man silá o banyaga; pagka't paanhinma'y kápapalaan ng maraming pagkákilala sa kasaysayan ng ating Lahi, sa kahapon ng ating Wika at Pánitikan, sa mga kaugalian ng nagdáang panahón, sa pananampalataya, pamumuhay, pamamayan, pamamahala, pagsasamahán, at ibá pang bagay at pangyayaring sukat mapagbatayan sa paghahambing ng dating kalágaya't kabihasnan ng Pilipinas at ng sa kasalukuyan.

Ang idinarami ng mga aklat, páhayagan, at ibá pang babasahín ay nasa-dami ng mambabasa. Habang lumalaki ang pangangailangan sa mábabasa, lalakí rin namán ang kasiglahán sa panunulat at pag-akda ng mga babasahín. Hindi dárami ang gagawa at maglalako ng isáng kalakal, kung kákaunti ang mámimili. Pag malakás ang pámilihan, malakas din ang mga págawaan. Wala ngang katwirang manisi sa mga mánanagalóg, dahil sa kawalán hangga ngayón ng mga makabagong aklat at babasahíng tagalog, iyáng mga ngángayón lamang napípilitang kumilala sa kahalagahán at pangangailangang mátuto ng wikang tagalog.

Ang mga guro ng Wikang Pilipino ay siyáng mga unang dapat magpakitang-halimbawa ng kasiglahán sa pagbabasá at pagsisimpan ng mga akda at bálanáng babasahín sa násabing wika, upáng ang mga tinúturuan nilá ay siyá ring unang máhawahan ng kaniláng magandang halimbawa.

Sa susunód na lathala, mag-uulat kamí ng iláng uri ng akdang kailangan ng mga guro at ng iláng pamaraáng lalong nábabagay sa pagtuturo ng Wika.

(Itutulóy)

Bernardo
Tindahan ng Sapatos
Gumagawa ng pasadya
*Mga sangay*
348 Raon
1630 Abenida Rizal
*Punong Tanggapan*
319 Ronquillo, Maynila

Ang mga pihikan sa pagpili ng mga sapatos na may uri ay sa amin nagsasadya.
*Bumili kayo at nang mapatunayan*
VERGARA SHOE STORE
448 Raon
Maynila

# Wikang Pilipino

## MGA ARALING PANGHAISKUL

***ni Dr. José Villa Panganiban***

### I. ANG PANGUNGUSAP
### (THE SENTENCE)

A. *Pamumulsó* (Diagnostic Test)

Sabihin kung ang mga sumúsunód na mga pangkát ng salitâ ay *buóng pangungusap* (whole sentence), *parirala* (phrase). o *sugnáy na pantulong* (subordinate clause).

(*Pagsukat*: 10 antás bawa't bilang).

1. Nang dumatíng si Pedro.
2. Anim na taóng tumirá akó roón.
3. Sa itaás ng larawang nasa-dingdíng.
4. May ginágawâ ka ba?
5. Ang aklát na nábilí ko kahapon.
6. Hanggáng sa mulíng pagkikita natin.
7. Anó ang nangyari?
8. Mangyari'y náhulí siyá.
9. Sa wakás ay nalutás din ang súliranin.
10. Nang magbalik kamí'y nakaulán na.

B. *Aralín* (Lesson)

1. Ang PANGUNGUSAP ay isáng salitâ o pagsasama ng mga salitáng nagpápahayág ng iisáng kaisipán.
   *Ang bulaklák ay mapulá.*
   *Magiging malayà ang Pilipinas.*
2. Ang PARIRALÁ ay isáng pangkát ng mga salitáng nagpápahayag ng isáng diwà o bahagi ng isáng kaisipán.
   *Ang sinag ng araw.*
   *Sa aming táhanan.*
   *Sa ilalim ng mesa.*
3. Ang KATULONG NA SUGNÁY ay isáng salitâ o pagsasama ng mga salitáng nagpápahayag ng isáng kaisipáng dî makapag-isá kung hindî mápapalangkáp sa isáng salitâ o *punong sugnáy* (principal clause).
   Ang aklát *na hinirám mo kay Lucio* ay isaulì mo raw.
   Ang dalagang *umáawit* ay kapatíd ko.
   Naparito pô kamí *sapagka't nais naming magpatalâ.*

K. *Mga Pagsasanay* (Exercises)

1. Sabihin kung alín sa mga sumúsunód ang *buóng pangungusap*:
   a. *Tayo na.* b. *Siyangâ ba?* k. *Sunóg ang tinapay.* d. *Papél na maputî.* e. *Maputî ang papél.* g. *Ang papél ay maputî.* h. *Kulang pa.* i. *Sa kulang man o hindî.* l. *Halika.* m. *Oo ngâ.*
2. Tukuyin ang mga *parirala* sa mga sumúsunód na pahayag:
   a. *Kung maliligò ka'y sa tubig áagap nang dî abutin ng tabsíng sa dagat.* b. *Kung hagisin ka ng bakal, gantihín mo ng tinapay.* k. *Waláng timtimang babae sa matiyagang lalaki.*
3. Alín-alín ang mga *katulong na sugnáy* sa mga sumúsunód na *pangungusap?*
   a. *Sinulat ni Rizal and "Noli" upang ilarawan ang kalagayan ng Pilipinas.* b. *Magpayong ka kapág umulán.* k. *Sino ang tumawag sa akin kahapon?* d. *May nákikilala ka bang mákakatulong natin bukas?* e. *Ang sínumang nag-áaral ng Wikang Pambansá ay dapat magsikap.*

K. *Pagsubok* (Check-Up Test)

Sabihin kung *buóng pangungusap, parirala,* o *katulong na sugnáy ang mga sumúsunód:*

(*Pagsukat*: 5 antás bawa't bilang)

1. Papél na maputî.
2. Sapagká't nais naming magpatalâ.
3. Sa kulang man o hindî.
4. Masipag ang kapatíd niyá.
5. Sa kabiláng bayan.
6. Kung hagisin ka ng bato.
7. Ang lapis na ipinahirám mo sa akin.
8. Ang ating baya'y magiging malayà.
9. Tayo na sa Antipolo.
10. Dapat tayong magsikap.
11. Lakad na.
12. Kapág umulit ka ng paglalayás.
13. Hindî maáarì.
14. Ang dalagang bagong bukád.
15. Saán ka nanggaling?
16. Ang liwanag ng buwán.
17. Tumigil ka na ngâ niyán.
18. Halina kayó.
19. Kung kakain na raw pô tayo.
20. Sapagká't tila walâ nang lunas.

---

### MGA KASAGUTAN

*I-A. Pamulso.*—1. Sugnáy. 2. Pangungusap. 3. Parirala. 4. Pangungusap. 5. Sugnáy. 6. Parirala. 7. Pangungusap. 8. Sugnáy. 9. Pangungusap. 10. Sugnáy.

*I-K. Pagsubok.*—1. Parirala. 2. Sugnáy. 3. Parirala. 4. Pangungusap. 5. Parirala. 6. Sugnáy. 7. Sugnáy. 8. Pangungusap. 9. Pangungusap. 10. Pangungusap. 11. Pangungusap. 12. Sugnáy. 13. Pangungusap. 14. Parirala. 15. Pangungusap. 16. Parirala. 17. Pangungusap. 18. Pangungusap. 19. Sugnáy. 20. Sugnáy.

#### MAHALAGA SA MGA GURO AT NAG-AARAL

Sa susunod ay ilalathala namin ang "Halimbawang Aralin sa Florante at Laura" si Gng. Teresa L. Sianghio ng Holy Ghost College, gayundin ang "Isang Masusing Banghay ng Aralin" ni Perfecto Aguilar ng Bonifacio Elementary School.

Ang mga unang tinanggap naming pantimpalak ng mga estudiyante ay ualabas na rin namin. Hanggang sa mga huling oras na patungo kami sa limbagan ay tinanggap na namin ang mula sa Torres High School, National Teachers College, Bohol Junior College, Albert High School at F. Balagtas Elementary School.


COMMONWEALTH OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND COMMUNICATIONS
BUREAU OF POSTS
MANILA

SWORN STATEMENT
(Required by Act No. 2580)

The undersigned National Printing Company, business manager, owner, publisher of SINAG-TALA (title of publication), published three times a month (frequency of issue), in Tagalog (language in which printed), at 728 Lepanto, (office of publications), after having been duly sworn in accordance with law, hereby submits the following statement of ownership, management, circulation, etc., which is required by Act No. 2580, as amended by Commonwealth Act No 201:

| | Name | Post Office Address |
|---|---|---|
| Editor | Clodualdo del Mundo | 728 Lepanto, Manila |
| Managing Editor | Mar. S. Torres | " |
| Owner | National Printing Co. | " " " |
| Business Manager | Jose Fernandez Zorrilla | " " " |

If publication is owned by a corporation, stockholders owning one per cent or more of total amount of security: NONE NONE

In case of daily publication, average number of copies printed and circulation of each issue during the preceeding month of .................... 19.........:

1. Sent to paid subscribers ..........
2. Sent to others than paid subscribers .......... 5,000

Total .......... 5,000

Doc. No. 230:
Page No. 45:
Book, No. I:
Series of 1945.

E. R. PALMA
Notary Public—Until Dec. 31, 1946

National Printing Company
(*Signature*)
Publisher Managing Partner
(*Title or designation*)

Subscribed and sworn to before me this 5th day of October, 1945, at Manila, the affiant, exhibiting his Residence Certificate No. A-1473299, issued at Manila, on May 5, 1945.

## MGA PAGSASANAY

**(Exercises)**

1. Umisip ng mga salitâ na tugmâ sa mga sumúsunód:
   **(Think of words that rhyme with the following:)**
   araw sagót galít
2. Gumuhit at kulayan ang isáng larawan ng:
   **(Draw and color a picture of:)**
   palakâ susô alitáptáp lamók
   Sagutín:
3. **(Answer:)**
   a. Bakit maingay ang palakâ?
   b. Bakit dalá ng susô ang kanyáng bahay?
   k. Bakit may daláng apóy ang alitáptáp?

ALIN ANG TAMÁ?
**(Which Is Right?)**

1. Ang sabi ng palakâ, "Hindî pô akó makatiis sa pagtawa."
2. Ang sabi ng palakâ, "Akó po'y nakatítiis sa dî pagtawa."
3. Ang harì ay mabagsík.
4. Ang harì ay mabaít.
5. Ang susô ay natátakot sa apóy ng alitáptáp.
6. Ang susô ay hindí natátakot sa apóy ng alitáptáp.
7. Ang lamók ay nabúbuhay sa pagkagát sa sinuman.
8. Ang lamók ay namámatáy sa pagkagát sa sinuman.
9. Ang harì ay namatáy.
10. Ang harì ay nabuhay.





## *ANG PIPIT AT ANG KALABAW*

Isáng mainit na buwán ng Abril, sa tabí ng ilog ay nagpápalamíg ang isáng kalabáw. Sa sangá ng isáng punong malapit din sa ilog ay dumapò ang isáng ibong pipít.

"Kumustá ka, kaibigang kalabáw?" sabi ng ibong pipít.
"Mabuti namán, ibong maliít. Hindî ka ba naíinitan?" sagót ng kalabáw.

"Naíinitan ngâ, kaibigang kalabáw, at uháw na uháw akó."

"Gaánong karami kayâ ang naiinóm mo?" pabiróng wikà ng kalabáw. "Ikáw'y totoóng maliít. Marahil, isáng paták ng tubig lamang ay tamà na sa iyó."

"Iyán ang iyóng akalà," sagót ng matalinong ibong pipít. "Lalaban akó ng pustahan na higít ang dami ng maiinóm kong tubig kaysá iyó!"

"Anó, bulilit, makaiinóm ka ng marami kaysá akin?"
"Oo. Mauna kang uminóm at súsunód akó."

Ang kalabáw na mangmáng ay lumusong sa ilog at uminóm. Uminóm siyá nang uminóm; nguni't nagkátaón na noón ay palakí ang tubig. Kayâ, gaanong karami man ang inumín ng kalabáw ay lalong lumálakí ang tubig. Nang hindî na siyá makainóm pa, ang ibong pipít ay nagbirô:

"Abá, kaibigang kalabáw, walâ kang naiinóm kahít kauntî. Parang lalong lumakí ang tubig sa ilog."

"Magtigil ka diyán!" ang pagalít na wikà ng kalabáw, "Hindí mo ba nakikita ang aking tiyán, halos pumutók na?"

"Ewan ko ba. Ang nakikita ko lamang ay ang paglakíng lalò ng tubig sa ilog. Nguni't ngayón ay akó namán ang iinóm."

Ang pipít ay nagkunwáng umiinóm. Alám niyáng ang tubig ay kumakati na noón, kayâ walá siyáng ginawâ kundî idiít sa tubig ang dulo ng kanyáng tukâ.

Nagtaká ang kalabáw. Nakita niyáng ang tubig ay nabawasan. Hindî niyá malaman ang dahilán kayâ walâ siyáng magawâ kundî pumayag na tinalo siyá ng pipít.

At dahil sa pagkatalo ng kalabáw, hanggáng ngayón ay nakikita natin na ang kalabáw ay hindî kumíkibô umupô man sa likód nitó ang ibong pipít.

# MGA PAGSASANAY

**(Exercises)**

HANAPIN ANG SALITÁ **(Find The Word)**

| 1. | 2. | 3. | 4. |
|---|---|---|---|
| namán | buwán | mabuti | ilog |
| naiinitan | maliít | marahil | pipít |
| akalà | ba | mangmáng | parang |
| nang | bulilit | uháw | **pagalít** |

Aling salitâ ang tamà?
(Which word is right?)

1. Sa tabí ng ilog, ang kalabáw ay
   nagtátawá nagpápalamig
2. Sa sangá ng punò, ang pipít ay
   lumipád dumapò
3. Nang uminóm ang kalabáw, ang tubig ay
   palakí pakati
4. Nang uminóm ang pipít, ang tubig ay
   lumakí kumati
5. Sa pustahan ng dalawá, ang kalabáw ay
   nanalo natalo

Sagutín.
(Answer)

1. Sino ang nanalo sa pustahan?
   **(Who won the bet?)**
2. Sino ang matalino?
   **(Who is clever?)**
3. Sino and lalong malakí?
   **(Who is bigger?)**
5. Sino ang umuupò sa likód ng kalabáw?
   **(Who sits on the carabao's back?)**





# ANG LAMOK AT ANG HARI

Noóng araw ay mayroóng isáng Haring mabagsík. Isá sa mga utos niyá'y ang bawal magsalitâ ng malakás. Hindî siyá pumayag na mga tao lamang ang sumunód sa kanyáng utos. Patí mga hayop ay binawalan din niyá.

Isáng araw ay kumokak ang palakâ. Hinuli ng isáng kawal ang palakâ at dinalá sa harì. Ang unang tanóng ng harì ay, "Hindî mo ba alám na bawal sa tao at sa hayop ang mag-ingáy?"

"Opó, mahál na Harì," sagót ng palakâ, "nguni't hindî pô akó makatiís sa pagtawa, nang makita ko ang susô na daládalá ang kanyáng bahay."

Nasiyahán ang harì sa sagót ng palakâ, kayâ ipinatawag niyá ang susô. "Bakit dalá-dalá mo ang iyoóng bahay, saán ka man pumaroón?" taóng ng harì.

Mangyari'y natátakot pô akó na baká sunugin ng alitáptáp," Sa gayón ay ipinatawag ng harì ang alitáptáp. Itinanong ng harì sa alitátáp, "Bakit lagì nang may-dalá kang apóy?"

Mangyari'y kákagatín pô akó ng lamók, kung walâ akóng daláng apóy," wikà ng alitáptáp. Makatuwiran ang sagót kayâ ipinatawag ng harí ang lamók. Nang tanungín ang lamók kung bakit siyá'y nangángagát na lagì, itó'y sumagót, "Mangyari pô, akó'y hindî mabubuhay kundî makakagát ng sinuman."

Ang harì ay nayamót. Pâgkatapos na marinig ang sagót ng lamók ay sinabi niyá, "Mulâ ngayón ay huwág ka nang mangagát. Walâ kang karapatán." Tumutol ang lamók nguni't sa galit ng harì ay hinawakan nitó ang kanyáng setro. Nang makita nang lamók na háhampasíng siyá ay dumapò itó sa noó ng harì. Lalong nagalit ang harì kayâ hinampás ng buóng lakás ang lamók. Namatáy ang lamók nguni't patí ang harì ay nadamay.

Aral: Huwág magmalabis sa anumáng bagay.

MISSING PAGE/PAGES